KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 41 BILANG 4 BASAHIN AT TALAKAYIN ABRIL 2021

EDITORYAL

# Palayasin ang mangangamkam na China sa West Philippine Sea!

Walang pakundangang niyuyurakan ng China ang pambansang soberanya ng Pilipinas sa West Philippine Sea (WPS). Garapal nitong inaagaw at inaangkin ang teritoryo ng bansa at dinadambong ang yaman sa *exclusive economic zone* (EEZ) ng Pilipinas sa WPS. Pinagbabawalan ng China ang mga mangingisdang Pilipino na mangisda sa tradisyunal na pangisdaan at marahas na itinataboy.

Sa harap ng agresyon ng China, bahag ang buntot ni Duterte na ipagtanggol ang soberanyang karapatan ng bansa sa WPS. Pinahihina pa ng inutil na si Duterte ang pusisyon ng Pilipinas sa pagkikibit-balikat sa agresibong reklamasyon na ginagawa ng China sa mga bahura sa Spratlys na nasa loob ng EEZ ng bansa para pagtayuan ng mga istrukturang militar. Sa harap ng mga kaganapang ito, nararapat na magkaisa ang bayan para ubos-kayang ipaglaban at igiit ang pambansang soberanya at teritoryal na integridad ng bansa sa WPS.

Iwinawasiwas ng China ang kapangyarihan nito sa WPS gamit ang walang batayang mapang *nine-dash line.* Ang mapang ito ay ibinasura na sa desisyon ng Permanent Court of Arbitration (PCA) ng United Nations (UN) sa The Hague, Netherlands noong Hulyo 2016 sa ilalim ng UN Convention on the Law of the Seas (UNCLOS). Kinilala sa desisyong ito ang soberanyang karapatan ng Pilipinas sa sariling EEZ sa WPS na 200 *nautical miles* (NM) mula sa *baseline* o 188 NM mula sa dulo ng 12 NM *territorial waters* ng bansa.

Sa kabila nito, iligal na inokupa ng China ang walong isla at bahura sa Spratlys kabilang ang Scarborough Shoal.

Noong Marso, namataan ang may 287 *Chinese vessels* sa Julian Felipe Reef na bahagi ng WPS at nasa loob ng EEZ ng Pilipinas. Ngayong Abril, nagpadala pa ang China ng mga dagdag na pwersang pandagat sa Sabina Shoal na 175 NM lamang mula sa Bataraza, Palawan. Daan-daang milisya at sundalo ng PLA Navy ang kanilang ipinakat.

Patuloy na dinadambong ng China ang likas na yaman at buong kawalanghiyaang ipinagkakait ito sa mga Pilipino. Paulit-ulit na itinataboy ng mga pwersang pandagat ng China at pinagbabawalan ang mga Pilipinong mangingisda sa tradisyunal na pangisdaan sa saklaw ng EEZ ng bansa WPS. Patunay ang pagpapalayas sa mga mangingisda mula sa mga isla ng Palawan at Mindoro. Dahil dito, higit na naghihirap ang mga mangingisdang Pilipino. Lumaki ang bawas sa kanilang mga huli habang iniaasa ng rehimen ang suplay ng isda sa pag-aangkat sa China. Umaabot sa $6 bilyon ang kinikita at hinuhuthot ng China taun-taon sa pangingisda lamang sa WPS. Sinasamsam pa ng China ang iba pang yaman ng karagatan sa pamamagitan ng *poaching* o iligal na pangunguha ng mga taklobo, pawikan, bahura at iba pang *endangered* na hayop sa WPS.

Winawasak ng China ang mga bahura sa WPS sa sobrang pangingisda at walang pakundangang konstruksyon ng mga istrukturang militar. Nauna nang naiulat ng mga eksperto na lumulubha ang kalagayan ng mga bahura at paunti nang paunti ang mga isda at iba pang yamang-dagat na nakukuha rito. Tinatayang P231.7 bilyon ang yamang-dagat na nasisira habang 1.9 milyong kilo ng isda ang namamatay taun-taon sa pagkawasak ng mga bahura. Banta ito sa seguridad sa pagkain hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong daigdig.

Pinaglalawayan ng China ang $26 trilyong halaga ng rekursong langis at *natural gas* na matatagpuan sa EEZ ng Pilipinas. Maaaring hindi na mapakikinabangan ng susunod na henerasyon ng mga Pilipino ang patrimonyang yaman sa WPS.



# KALATAS

Abril 2021
TOMO 41 BILANG 4


NILALAMAN


1 Palayasin ang mangangamkam na China sa West Philippine Sea!

4 Mga proyektong enerhiya sa TK, perwisyo sa mamamayan

5 Higit 30 taong pakikibaka laban sa coal-fired power plant sa Calaca, Batangas

6 Naghihingalong lawa: Ang mga mapanirang proyekto sa Laguna de Bay

7 Bantay Karapatan

8 Tugon ni PdG: Bakit mahalaga ang naipanalong arbitral award sa PCA sa ilalim ng UNCLOS?

10 Community pantry, tugon ng mamamayan sa kainutilan ng rehimeng Duterte

11 Balitang TO at Kilos Protesta

12 Kultura: Si Alex, isang HR worker sa gitna ng pasismo ng rehimeng Duterte



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com


Naninikluhod ang tuta at traydor na si Duterte sa China kaya malayang niyuyurakan ng China ang soberanya ng Pilipinas. Dapat siyang singilin at panagutin ng taumbayan. Lantaran niyang itinuring na basurang papel ang naipanalong desisyon sa PCA na kasing-kahulugan ng pagsuko ng soberanyang karapatan ng Pilipinas sa EEZ nito sa WPS. Pinahintulutan niyang mangisda ang China sa EEZ ng bansa sa pamamagitan ng isang *verbal agreement* na iligal at labag sa reaksyunaryong konstitusyon. Wala siyang interes na ipagtanggol ang soberanya at karapatan ng Pilipinas sa WPS na pangita sa kanyang mga palasukong linya at patakarang panlabas.

Walang laman ang pagyayabang ni Duterte na magpapadala siya ng mga pwersang nabal sa WPS. Malaking panggogoyo lamang ito sa taumbayan katulad ng pahayag niya noong 2016 na sasakay siya ng *jet ski* patungong WPS na binawi niya matapos ang limang taon. Pulos boladas ito para apulahin ang galit ng mamamayan sa kanyang lantarang kataksilan at pagpapakatuta sa China. Wala ring pangil ang araw-araw na paghahain ng diplomatikong protesta ng Department of Foreign Affairs (DFA). Ang totoo, higit na pinangangalagaan ni Duterte ang relasyon nito sa China para sa mga pautang, pondo, suporta at bakuna na pinagmumulan ng burukratikong kurakot ng kanyang pangkatin.

Samantala, isang kahangalan ang pinalalabas ng mga alipores ng US sa rehimeng Duterte na dedepensahan ng US ang Pilipinas laban sa agresyon ng China. Hindi maaasahan ng mga Pilipino ang US at hindi dapat umasa ang Pilipinas sa US. Nagpapakita lamang ang US ng presensya sa South China Sea para ipagtanggol ang geo-pulitikal na interes at hegemonya nito sa loob ng Indo-Pacific laban sa agresibong pagpapalawak ng China.

Habang sumasaklaw ang labanan sa kalakalan at ribalan sa ekonomiya at militar ng US at China, abala naman ang US sa pagbubuo ng mga alyansa sa pulitika at militar sa ibang bansa laban sa China tulad ng Quadrilateral Security Dialogue sa pagitan ng US, Japan, Australia at India. Kamakailan ay nanguna ito sa pagpakat ng pinakamalalaking *carrier group* sa South China Sea at East China Sea. Maging sa katatapos na Balikatan Exercises 2021 sa pagitan ng US at Pilipinas ngayong Abril, buong pagmamalaking pahayag ng dalawang panig na ipinapakita rito ang lakas at kapasyahan ng alyansang militar ng dalawang bansa at ang kanilang komitment sa mutwal na depensa, kapayapaan at istabilidad ng rehiyong Indo-Pasipiko. Ngunit ilusyon lamang na papasok ang US sa isang gera sa China para ipagtanggol ang Pilipinas.

Sa kawalan ng kapasyahan at kainutilan ni Duterte, ang tanging masasandigan ng sambayanang Pilipino ay ang kanilang pagkakaisa at lakas para ipagtanggol at ipaglaban ang pambansang soberanya at karapatan sa WPS. Nakataya rito ang patrimonyang yaman ng bansa na dapat magamit ng mamamayang Pilipino para sa pambansang pagpapaunlad.

Dapat nating panghawakan ang mayamang kasaysayan at magiting na tradisyon ng paglaban ng mamamayang Pilipino sa dayuhang mananakop. Mauugat ito sa paglaban at paggapi ni Lapulapu kay Ferdinand Magellan; ang mahigit 200 armadong paglaban sa kolonyalistang Espanyol; ang pagbuo ng pambansang kamalayang Pilipino noong Rebolusyong 1896 na produkto ng paglaban sa pagsasamantalang pyudal at kolonyal; ang magiting na pakikidigma sa mga imperyalistang Amerikano at pasistang Hapon; at sa kasalukuyan, nagpupunyagi ang mamamayan na ipagtagumpay ang pambansa

demokratikong rebolusyon.

Dapat isabuhay ng mamamayang Pilipino ang tunay na pagmamahal sa inang bayan. Tulad ng mga nagdaang bayani, hindi dapat matakot sa makabagong sandata at kagamitan ng mga kaaway. Huwag pumayag sa anumang suhol at huwag matakot sa mga mangangamkam na umaangkin sa bansa at mga yaman nito. Sa harap ng alinmang imperyalistang bansa, US o China, dapat ipagtanggol ng sambayanan ang pambansang soberanya at teritoryal na integridad.

Kailangang ilunsad ang iba't ibang anyo ng paglaban, armado at di-armado para igiit ang pambansang soberanya ng Pilipinas. Tipunin ang mga patriyotikong Pilipino at pakilusin laban sa mga dayuhang mangangamkam. Singilin ang imperyalistang China at panagutin sa pandarambong nito at paninira sa WPS. Buuin ang malapad na alyansa sa ibayong dagat na kinabibilangan ng mga bansang apektado ng pangangamkam ng China sa mahigit 80% ng South China Sea.

Pagbayarin nang mahal si Duterte sa pagtatraydor sa bansa at pagbebenta ng kinabukasan ng mamamayan sa China. Padagundungin ang mga pakikibakang bayan na nananawagan sa agarang pagpapabagsak sa tutang rehimen.

Kailangang palakasin ang BHB na pangunahing sandata ng sambayanan laban sa imperyalismo. Paigtingin ang digmang bayan at maglunsad ng mga opensiba upang pataasin ang diwang palaban ng mamamayan hanggang sa makamit ang tunay na pambansang kalayaan at demokrasya.

## Ano ang halaga at mga rekursong nasa South China Sea?

> Daanan ng $5.3 trilyong halaga ng mga kalakal sa 1/3 ng mga barkong pangkalakal sa buong mundo

> 12% ng kabuuang taunang huling isda sa buong daigdig

> 11 bilyong bariles ng langis

> 190 trilyong cubic feet ng natural gas

> Mahigit 250 maliliit na isla, atolls (korteng singsing na bahura), cays, shoals (buhanginan/banlik), reefs (bahura) at sandbars

*BANTAY KARAPATAN*

# Mga unyon ng manggagawa sa Laguna, ni-reyd at hinaras bago ang Mayo Uno

Inatake ang mga unyon sa Laguna at binantaan ng AFP-PNP ilang araw bago ang paggunita sa Pandaigdigang Araw ng Paggawa sa Mayo 1. Iniulat ng Alyansa ng Manggagawa sa Probinsya ng Laguna (ALMAPILA) na may apat na insidente ng panghaharas sa mga unyon at kasapi ng unyon sa probinsya.

**Abril 23**. Sapilitang pinasok ng PNP-Laguna ang kumpanyang Daiwa Seiko sa Biñan sa tabing ng paglulunsad ng isang seminar. Kasama sa seminar ang kanilang mga ahenteng sina Rey Medellin at Raffy Baylosis na sangkot sa sunud-sunod na harassment at pagpapasuko sa mga manggagawa sa probinsya. Binoykot ng mga kasapi ng unyon ang naturang seminar.

**Abril 25.** Pinuntahan ng mga pulis ang mga opisyal ng unyon sa Sun Logistics, Inc. sa Sta. Rosa para piliting umalis sa unyon at sa pederasyong Organized Labor Associations in Line Industries and Agriculture-Kilusang Mayo Uno (OLALIA-KMU). Binantaan silang aarestuhin kung hindi susunod.

**Abril 28.** Inimbitahan ng Southern Luzon Command (SOLCOM) ang dalawang lider-unyonista ng Clarmil Manufacturing Inc. sa Cabuyao para dumalo sa isang "information forum." Bago ito, iligal na ni-lay off ng kumpanya ang 12 kasapi ng unyon. Sa parehong araw, pinagbawalang umalis sa pabrika ang mga manggagawa ng Fuji Electric Philippines sa Calamba City. Iimbestigahan sila umano ng mga pulis hinggil sa pagkamatay ng presidente ng unyon na si Dandy Miguel noong Marso 28.

Ayon sa Pagkakaisa ng Manggagawa sa Timog Katagalugan-KMU (PAMANTIK-KMU), ang nagdaang sunud-sunod na harasment at pang-aatake ay isinagawa para takutin at pigilan ang mga pagkilos sa Mayo Uno.

Dagdag ng ALMAPILA, "Malinaw na aksyon ito ng estado dahil ayaw nitong tumungo ang mga manggagawa sa kalsada upang manawagan para sa sapat na sahod, karapatan at hustisya. Nakikipagsabwatan ang rehimen sa mga kapitalista para paigtingin ang kanilang intimidasyon sa mga manggagawa."

Sa kabila nito, itinuloy ng mga manggagawa ang kanilang protesta sa Pandaigdigang Araw ng Paggawa para igiit ang kanilang karapatan at manawagan ng hustisya.

"Ang uring manggagawa ay hindi mananahimik sa kabila ng mga kinakaharap na pagbabanta ng estado; bawat pagbabanta ay nagpapatibay sa aming determinasyon na lumaban," pagtatapos ng ALMAPILA.

*Magpapayaman sa iilan habang sinisira ang kalikasan*

# Mga proyektong enerhiya sa TK, perwisyo sa mamamayan!

Mariing tinututulan ng mamamayan ng TK ang mga nakahanay na proyektong enerhiya sa Batangas at Quezon na pagmamay-ari ng malalaking burgesya kumprador at popondohan gamit ang dayuhang pautang. Pangunahing magdudulot ang mga ito ng polusyon sa kalikasan at perwisyo sa mga taong madidisloka para itayo ang mga naglalakihang planta ng kuryente.

Buung-buo ang suporta ng rehimeng Duterte sa mga mapanirang proyekto, salungat sa pandaigdigang panawagan na magbawas ng maruruming planta ng enerhiya ang kanya-kanyang bansa para bawasan ang pinsala ng *global warming* sa daigdig. Nagpapanukala pa nga ang rehimen sa mga mamumuhunan na lumikha ng mas marami pang plantang pinatatakbo gamit ang karbon. Target ng rehimen na itaas ang tantos ng konsumong kuryente na mula sa karbon mula sa kasalukuyang 49% tungong 59% sa 2029.

**Plantang karbon sa Quezon**

Bahagi ng ambisyong ito ang planong itayong San Buenaventura Power Ltd. Co., (SBP) sa Mauban, Quezon. Ang SBP ay *coal-fired* o ginagatungan gamit ang karbon at pagmamay-ari ng Manila Electric Co. (Meralco).

Taong 2019 nang pasinayaan ni Duterte ang SBP na popondohan ng halagang $1.2 bilyong-utang mula sa World Bank (WB). Sa kabuuan, may $4.9 bilyong puhunan mula sa WB para sa marurumi at mapanirang proyektong enerhiya sa Pilipinas.

Matindi ang pagtutol ng mamamayan ng Quezon sa SBP na dadagdag sa kasalukuyang tatlong *coal-fired power plant* na nag-oopereyt sa probinsya: ang Atimonan One Energy ng Meralco, Pagbilao Coal Plant ng Tokyo Electric Power Marubeni at isang planta ng EGCO Group sa Mauban.

Matinding pinsala sa kapaligiran, kalusugan at kabuhayan ng mamamayan ang mga *coal-fired power plant*. Inirereklamo ng mga komunidad sa tabi ng mga planta ang ibinubugang abo na lumalason sa mga halaman, tubig at hangin. Naglalabas din ng labis na init ang planta na sumisira sa balanse ng ekosistema, dahilan para mamamatay o lumisan ang mga isda at ibang buhay-tubig.

Maiingay na kritiko ng proyekto ang mga organisasyon ng mga mangingisda, mga maka-kalikasang grupo at simbahang Katolika. Noong Marso, naglunsad ng mga simbolikong aksyong protesta sa 15 parokya sa Lucena City ang mga kontra sa mga plantang karbon.

**Batangas Bay Energy Complex**

Dagdag na suplay ng kuryente naman ang ginagamit na pantakip ni Gov. Hermilando Mandanas ng Batangas para sa kanyang pangarap na *energy complex* sa baybayin ng Batangas Bay. Proyekto ito ng gubernador sa pakikipagkutsabahan sa Simlong Energy Development Corporation (Simlong Energy). Sasakupin ng proyekto ang 102-ektaryang lupa sa mga barangay ng Simlong, Ilijan, Pinamucan Ibaba at Pinamucan Proper kung saan aabot ang pinagsama-samang populasyon sa 13,636.

Nagkakahalaga ang proyektong enerhiya ng P155 bilyon. Magsisilbi ito sa makasariling interes ng mga kumprador na sina Lucio Tan, Gokongwei, at Lopez na nagmamay-ari sa malalaking pagawaan sa paligid ng Batangas Bay kabilang ang Tanduay Distillers, Inc. at Asia Brewery. Magkakamal din ng limpak-limpak na salapi si Mandanas na may-ari ng Abacore Capital Holdings Inc. na kasosyo ng Simlong Energy sa *energy complex*.

Ang energy complex sa Batangas Bay ay may tatlong komponente: ang *naptha refinery* ng JG Summit; ang Philippines LNG Terminal and Import Facility ng transnasyunal na Atlantic, Gulf and Pacific Company of Manila (AG&P); at ang 1560 MW na planta ng kuryente para patakbuhin ang energy complex.

Ang LNG Terminal o pasilidad sa pagpoproseso ng *liquefied natural gas* (LNG) ang siyang sentro ng *energy complex.* Magmumula ang LNG na dadalhin sa planta mula sa mga dayuhang bansa gaya ng Australia. Binigyan na ng Department of Energy ang LNG Terminal ng Notice to Proceed noong Marso 2021.

Ang LNG ang susunod na pagkukunan ng enerhiya ng kasalukuyang nakatayo na 1200 MW planta sa Ilijan na nagpapatakbo sa mga pabrika ng Eton, First Gen Corporation ng mga Lopez at Lucio Tan Group sa Batangas at siyang magsusuplay sa planong 1560 MW planta ng Simlong Energy.

## Mga pinsalang dulot ng *coal-fired power plant*

- Paghalo ng abo at ibang partikulong mula sa *coal* sa nilalanghap na hangin
- Mabahong usok mula sa pagsusunog ng *coal*
- Pagbabago sa temperatura ng tubig na makakaapekto sa kakayanang mangitlog ng mga isda
- Pagtatapon ng duming may nakalalasong kemikal sa tubig
- Pagkawasak ng mga bahura at damong dagat dahil sa mga konstrukyon at aktibidad sa planta





# Higit 30 taong pakikibaka laban sa *coal-fired power plant* sa Calaca, Batangas

Sing-aga ng 1985 ay nakikibaka na ang mga Batangueño para ipatigil ang operasyon ng mapanirang 600 MW Batangas Thermal Coal-Fired Power Plant (BTCP) sa Calaca. Sa loob ng tatlong dekada, inilunsad ang masisigla at matutunog na pagkilos sa pangunguna ng mga magsasaka't mangingisda na suportado ng mga taong simbahan at mga maka-kalikasan. Mayor na laban at nakatatak na sa kasaysayan ng probinsya ang pagtutol sa BTCP.

Nagsimulang mag-opereyt noong 1984, 36 taon nang namiminsala ang planta sa buhay at kabuhayan ng mamamayan. Sa isinagawang pag-aaral sa mga komunidad sa paligid ng BTCP noong 2016, napag-alamang naninilaw ang mga tanim na palay at tubo dahil sa *soot* o maitim na abong galing sa planta na tumatabon sa mga halaman. Bumaba nang 40% ang ani ng palay at 94% ang ibinagsak sa bolyum ng tubo mula nang maitayo ang maruming planta. Nangangailangan na rin ngayon ng mas maraming abono ang mga magsasaka para palaguin ang kanilang tanim.

Malaki rin ang ibinagsak ng huli ng mga mangingisda. Noong dekada 1980, nakakahuli pa ng abereyds na 40 kilo sa isang araw subalit pagdating ng 2016, swerte na ang makahuli ng dalawang kilo. Malaking salik dito ang pagbabago sa temperatura ng tubig at pagtapon ng dumi rito ng planta. Pinagangambahan din ang pagbaba ng kalidad ng buhay-tubig lalupa't lumabas na may mataas na konsentrasyon ng *heavy metal* na *chromium* at *mercury* ang mga sinuring talaba at isdang maliputo. Kung labis ang dami, nagdudulot ng pinsala sa utak ang *mercury* habang pinipinsala ang protina ng katawan ng *chromium*.



Naobserbahan din ang pagkakasakit dulot ng polusyon sa hangin. Naging karaniwang sakit sa mga barangay na nakapalibot sa planta ang *upper respiratory tract infection*, hika, *pulmonary tuberculosis* at *pneumonia.* Mayroon ding mga sakit sa balat na maaaring epekto ng mga abo, usok at mga partikulong dala-dala ng hangin galing sa planta.

Bukod sa pinsala sa kapaligiran, negatibo rin ang naging epekto ng BTCP sa komunidad. Marami nang umalis sa lugar habang dumarami ang mga dayong trabahador ng planta. Ang mga mangingisdang wala nang mahuli ay naghanap na ng ibang pagkakakitaan at lugar ng tirahan. May ilang insidente rin ng pandarahas ng mga pwersa ng CAFGU at Airforce sa mga lumalaban sa planta ang naitala, kabilang ang pamamaril sa kapitan ng barangay at isang mangingisdang lumapit sa *waste disposal* ng planta at maging sa katabing mga komunidad.

Sa kabila ng malinaw na pinsala sa mamamayan, nais pa ng mga naghaharing uri sa probinsya at bansa na payabungin ang paggamit ng *coal.* Dating pagmamay-ari ng National Power Corporation ang BTCP. Itinayo ito noong 1981 sa pamamagitan ng pautang ng Japan. Kalauna'y naging piyesa ito sa pagpapatupad ng Project CALABARZON, ang engrandeng proyektong pangkaunlaran ng rehimeng Corazon Aquino at imperyalismong Hapon na nagdulot ng malawakang pangangamkam ng lupa at pagkasira ng kalikasan sa TK.

Ngayon, hawak na ang BTCP ng DMCI Holdings na kontrolado ng kumprador na Consunji. DMCI rin ang may-ari ng Semirara Mining Corporation, ang pinakamalaking prodyuser ng *coal* sa bansa. Mula nang makuha ang BTCP, pinoproyekto ng DMCI na palawakin pa ang planta kaya't ginipit ang mga tabing komunidad at binili ang mga lupa rito.

Tulad ng pagtutol ng naunang henerasyon, mahigpit ring nilalabanan ngayon ang planong ekspansyon ng DMCI. Isa sa malalaking pagkilos hinggil dito ang karaban ng mamamayan noong 2017 kung saan inikot ang probinsya upang itambol ang isyu at hamigin ang suporta ng publiko. K

---


*Mga proyektong enerhiya...mula sa pahina 4*

Bagamat hindi na gumagamit ng karbon, maaaring magtagas ng *flammable gas* (madaling magliyab) na *methane* ang LNG facility. Ang *methane* ay isa sa mga gases na lumilikha ng *greenhouse effect* na sanhi ng *global warming*. Kayang umabot ng *methane* ng 12 taon sa atmospera. Mapanganib ang pagkokonsentra nito sa atmospera dahil 105 beses itong mas matinding magkulong ng init kumpara sa *carbon dioxide.*

Banta rin sa kalusugan ng Batangas Bay ang *energy complex.* Tiyak na magbubuga ng dumi ang mga plantang ito at maaapektuhan ang yamang tubig na pinagkukunan ng kabuhayan ng mga mangingisdang Batangueño. Perwisyo sa mga komunidad ang ingay na kaakibat ng konstruksyon at polusyon sa hangin kapag nagsimula na ang operasyon nito. K

# Naghihingalong lawa: Ang mga mapanirang proyekto sa Laguna de Bay

Para sa milyung-milyong mamamayang naninirahan sa paligid ng Laguna de Bay, karugtong ng kanilang buhay ang mismong buhay ng lawa.



Ang Laguna de Bay ang pinakamalaking lawa sa bansa na matatagpuan sa silangan ng Kamaynilaan at sa pagitan ng mga lalawigan ng Laguna at Rizal. Mayroon itong kabuuang lawak na 911 kilometro kwadrado at may abereyds na lalim na 2.8 metro. Ang kanyang katubigan ay dumudugtong sa dagat sa pamamagitan ng Ilog Pasig papunta sa Manila Bay.

Hindi bababa sa 140,000 metriko tonelada ng isda, o katumbas ng 40% ng pagkaing isda sa Kamaynilaan, ang nagmumula sa Laguna de Bay. Bago ang dekada 1990, mayaman at masagana ang Laguna de Bay sa iba't ibang uri ng isda at halamang dagat dulot ng malayang pagpasok ng tubig-dagat sa lawa.

Pinagmumulan din ang lawa ng irigasyon sa mga nakapalibot na palayan at taniman at nagsisilbing mahalagang daluyan para sa transportasyon.

Sa paglipas ng panahon, kumupas ang natural na kagandahan ng Laguna de Bay. Maraming bahagi nito ang itinuturing na marumi dulot ng matinding polusyon. Ang kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno at mga anti-mamamayang proyekto nito ang dahilan ng tuluy-tuloy na pagkawasak ng Laguna de Bay.

**Pagmomonopolisa sa Laguna de Bay**

Malalaking negosyante sa pangisdaan ang kumokontrol sa malaking bahagi ng industriya ng pangingisda sa lawa mula pa noong rehimeng US-Marcos.

Lumala ang monopolyo rito nang ipatupad ng Laguna Lake Development Authority (LLDA) ang Fisheries Zoning and Management Plan noong 1993 na pumapabor sa hanggang 50 ektaryang pag-aari ng mga korporasyon sa palaisdaan at pagbababa ng hanggang 25 ektaryang pag-aari sa mga kooperatiba at 15 ektarya sa mga indibidwal at pamilya. Nagkamal ang malalaking negosyante ng malaking kita habang libu-libong pamilya ng mangingisda ang naghihirap dahil sa pagsisiksikan sa inilaang maliit na erya ng LLDA.

Dati nang proyekto ng reaksyunaryong estado ang kumbersyon at pribatisasyon ng Laguna de Bay. Itinayo ang LLDA upang pangasiwaan ang pribatisasyon ng lawa na siyang simula ng korporatisadong *fishpen* at pagtatayo ng maraming empresa at pabrika sa palibot ng lawa na aabot na ngayon sa 208 ang bilang.

Sa pamamagitan ng Laguna Lake Master Development Plan, isinunod ng mga nagdaan at kasalukuyang rehimen ang malawakang pribatisasyon at kumbersyon ng lawa sa dikta ng imperyalismong US at mga institusyong pampinansya tulad ng International Monetary Fund, World Bank at Asian Development Bank.

**Ang Laguna Lakeshore Expressway Dike Project (LLEDP)**

Tuluyang mamamatay ang Laguna de Bay sa pagpapatupad ng proyektong Laguna Lakeshore Expressway Dike Project. Ang LLEDP ang pinakamalaking proyektong Public Private Partneship ng rehimeng US-BS Aquino na nagkakahalaga ng P122.8 bilyon. Tatayuan ang lawa ng 6-*lane expressway* at 47-kilometrong *road dike* mula sa Taguig hanggang sa Bay, Laguna. Tatambakan din ang 750 ektaryang lawak ng lawa para sa komersyal at iba pang gamit. Bahagi ito ng planong Laguna de Bay Basin 2020.

Magbibigay-daan ang LLEDP sa pagpasok ng mga *casino*, pook-libangan at iba pang pang-ekoturismong proyekto na naglalayong ilako ang Laguna de Bay sa mga lokal at dayuhang mamumuhunan. Sa pagdami ng iba't ibang negosyo sa mismong lawa, dadami rin ang iba't ibang nakalalasong kemikal na direktang itatapon at magkokontamina sa tubig. Magreresulta ito sa pagkamatay ng mga isda, hayop at halamang-dagat sa katubigan at tiyak na wawasak sa balanse ng ekolohiya hanggang tuluyang mamatay ang lawa.

Direktang maaapektuhan ng LLEDP ang 32 barangay ng Laguna at Rizal at 18 barangay sa Kamaynilaan. Malaki itong banta sa aabot sa 3.9 milyong mamamayang nakatira sa tabing-lawa at nakaasa ang kabuhayan sa Laguna de Bay. Kung matatapos ang nasabing proyekto, hihirapin nang makapasok pa ang mga mangingisda sa lawa.

Mga dambuhalang lokal na mamumuhunan tulad ng Sy, Ayala at Aboitiz at dayuhang negosyo ang makikinabang sa LLEDP. Limpak-limpak ang kikitain nila mula sa sisingiling *toll fee* sa *expressway* at paggamit sa tinambakang bahagi ng lawa para sa komersyal na gamit. Kapag nagkaproblema naman ang LLEDP, ang *sovereign guarantee* nito ang titiyak na mababayaran ang inutang para sa proyekto na babalikatin ng mamamayan.

Resulta ng LLEDP ang mas matitindi, matatagal, masaklaw at madalas na kalamidad at pagbaha sa mga komunidad sa palibot ng lawa na maglalagay sa peligro sa buhay ng mamamayan at kanilang natitirang kabuhayan. Samantala, nakababahala ang babala ng ilang eksperto na kung may malaking lindol na magaganap sa West Valley Fault na sisira sa planong *expressway dike*, babahain ang Kamaynilaan na magdudulot ng napakalaking kapahamakan.

Ang buhay ng Laguna de Bay ay buhay ng milyong mamamayang nakatira sa palibot nito. Kaya't kadikit ng buhay ng lawa ang kanilang pakikibaka upang mapreserba ito at tuluyang ilayo ito sa kamay ng mga dayuhang mamumuhunan, negosyante at ng mismong rehimeng US-Duterte at isalba ito mula sa tuluyang pagkawasak. Ang mamamayan lamang ang siyang makapagliligtas sa naghihingalong lawa.

Ang determinasyon at kapasyahan ng mamamayan na iligtas ang lawa ang kanilang tangang sandata upang isulong ang buhay ng lawa hindi lamang para sa kasalukuyang henerasyon kundi para sa mga susunod pang magmamana. Walang aasahan ang mamamayan sa rehimeng US-Duterte upang isalba ang Laguna de Bay. Ang kanilang pagkakaisa at pagkilos ang siyang magtatanggol at sasagip dito. Sa huli, ang buhay ng Laguna de Bay ay nakasalalay sa kanilang kamay, sa kanilang pakikibaka para sa panirikan, kabuhayan at karapatan. K

# Mga Rizaleño, ginigipit ng 80th IBPA at PNP

Nagsagawa ang 80th IBPA at PNP-Rizal ng maramihang pang-aaresto sa mga sibilyan nitong Marso at Abril upang supilin ang pakikibaka laban sa mapanirang Wawa Bulk Water Supply Project at walang puknat na FMO-RCSPO sa probinsya.

Noong ikalawang linggo ng Marso, hinuli ng AFP-PNP ang 30 katutubo sa Barangay Puray, Rodriguez at sinampahan sila ng kasong rebelyon. Pinipilit pasukuin ang mga biktima na iniuugnay ng mga pasista sa rebolusyonaryong kilusan.

Iligal namang inaresto ng mga sundalo't pulis ang 30 Dumagat sa Barangay Calawis, Antipolo City noong Abril 13. Upang matipon ang mga biktima, nanlinlang ang mga pasista at ipinatawag ang mga residente sa tabing ng pamimigay ng ayuda. Pagdating sa *barangay hall*, naka-abang na ang mga tropa ng AFP-PNP na mang-aaresto at mag-aakusa sa mga katutubo na tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan.

Bukod sa maramihang pang-aaresto, nagpapatupad ng *military lockdown* ang AFP-PNP sa mga barangay ng Calawis at Puray na sasaklawin ng tinututulang Wawa Bulk Water Supply Water Project. Aagawin ng nasabing proyekto ang lupa ng mga residente at ididisloka ang kanilang kabuhayan.



Habang nakababad sa lugar, tuluy-tuloy ang panghaharas, intimidasyon at *red-tagging* ng AFP-PNP sa layuning pipilan ang pagkilos ng mga Rizaleño para sa kanilang karapatan. K

# *Manhunt* ng PNP-CALABARZON laban sa mga aktibista, iligal

Labag sa batas ang inilulunsad na *manhunt* ng PNP-CALABARZON laban sa mga aktibistang hindi nila nasumpungan sa Bloody Sunday at mga reyd sa mga opisina at kanilang tahanan sa Timog Katagalugan. Ito ang opinyon ng Public Interest Law Center (PILC), grupo ng mga makabayang abogado.

Sagot ito ng PILC sa pagkakalat ng PNP na "nakakawala" *(at large)* ang siyam na aktibistang target sana nilang arestuhin noong Bloody Sunday. Ang *manhunt* ay panunugis ng pulis sa mga kriminal, suspek o nakakawalang bilanggo. Iginiit din ng PILC na ang aksyon ng PNP ay mali, padaskul-daskol at isinasapanganib ang buhay ng mga aktibista.

Paliwanag ng PILC, hindi rin maaaring ilunsad ang isang *manhunt* dahil lamang sa wala ang kanilang target nang ihain ang *search warrant*. Dagdag nito, ang *warrantless arrest* ay isinasagawa lamang kapag nahuli sa akto ng pagsasagawa ng krimen ang isang tao o di kaya'y nakatakas na bilanggo.

Ikinababahala ng PILC na kapag idineklara ang target na "nakakawala" ay mapapaslang ang biktima sa gasgas na kwentong "nanlaban".

Samantala, inulat na muling nagsumite ng aplikasyon ang PNP-CALABARZON sa Sta. Rosa Regional Trial Court para sa *warrant of arrest* ng 15 aktibista sa Timog Katagalugan. Dagdag itong banta sa buhay ng mga sibilyan.


Nanawagan ang Karapatan na itigil ng mga pulis ang mga operasyon ng iligal na pang-aaresto at pamamaslang. K

**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

# Bakit mahalaga ang naipanalong *arbitral award* sa Permanent Court of Arbitration sa ilalim ng UNCLOS?

Ang naipanalong *arbitral award* ng Pilipinas sa Permanent Court of Arbitration (PCA) ng United Nations (UN) noong Hulyo 12, 2016 ay nagpapatibay sa ligal at istorikal na karapatan ng bansa—sa mata ng pandaigdig na komunidad ng mga bansa—sa pinag-aagawang teritoryo at sa solong pakinabang sa lahat ng rekurso sa *exclusive economic zone* (EEZ) ng Pilipinas sa West Philippine Sea (WPS). Higit na tumitingkad ang halaga at kabuluhan nito sa harap ng agresibong pag-okupa at pag-angkin ng China sa 80% ng EEZ ng Pilipinas batay sa palsipikadong mapang *nine-dash line.*

Kailangang panghawakan at ipagtanggol nang mahigpit ang ating soberanyang karapatan at teritoryal na integridad sa WPS. Sa puntong ito, malakas na salalayan ng Pilipinas ang desisyon ng PCA ng UN alinsunod sa UN Convention on the Law of the Seas (UNCLOS) na inilabas noong Hulyo 12, 2016 sa The Hague, Netherlands. Ibinasura at pinawalang-saysay ng nasabing desisyon ang mapang *nine-dash line* ng China bilang walang batayang ligal at istorikal at ginagawang iligal ang pag-okupa at pang-aagaw ng China sa Scarborough Shoal (na kilala din sa tawag na Panatag Shoal at Bajo de Masinloc) at sa ginawang okupasyon at reklamasyon ng China sa mga isla at bahura sa Spratlys na nasa loob ng EEZ ng Pilipinas.




*Sinasagasaan ng mapang nine-dash line ng China ang EEZ ng Pilipinas, Vietnam, Malaysia at Brunei.*

Inilalatag ng paborableng desisyon ng PCA ang mga ligal na batayan ng karapatan ng Pilipinas sa WPS. Salalayan nito ang UNCLOS na iniresulta ng kumperensya ng 160 bansa mula 1973 hanggang 1982 sa New York. Laman ng UNCLOS ang kasunduan ng mga bansa hinggil sa mga usapin ng limitasyon sa teritoryo sa dagat, pangangalaga sa yamang-tubig, nabigasyon, paglutas sa mga alitan, pananaliksik, pagmimina sa ilalim ng karagatan at EEZ. Kapwa partido sa UNCLOS ang China at Pilipinas.

Bagamat tinugunan ng PCA ang ilang mahahalagang usapin sa WPS, tinanggihan nitong husgahan ang pito sa 15 kasong isinumite ng Pilipinas dahil sa kawalan ng hurisdiksyon sa mga ito. Kinontra naman ng China ang isinampang kaso ng Pilipinas at tumangging lumahok ang China sa pagdinig ng kaso sa The Hague, Netherlands.

Marapat na maunawaan ang nilalaman ng pasya ng PCA at implikasyon nito sa Pilipinas. Sa usapin ng Scarborough Shoal, nilinaw na isa itong *high-tide elevation (HTE) feature* na bato na may sariling lupa pero hindi kayang tirahan ng tao kaya hindi maaaring saklawin ng EEZ ng kahit alinmang bansa. Ipinagkaloob ng PCA ang hiling ng Pilipinas na gawing tradisyunal na pangisdaan ng mga Pilipino ang Scarborough Shoal, at hinigitan pa ito sa pagdedeklarang kumon na pangisdaan ng maliliit na mangingisda ng kahit anong bansa ang kontrobersyal na *shoal*. Sa ganito, bawal at iligal ang komersyal na pangingisda na ginagawa rito ng malalaking barko ng China.

Sunod na mahalagang pasya ang pagkilala sa Mischief Reef, Second Thomas Shoal at Reed Bank bilang mga *low-tide elevation (LTE) feature* at nasa loob ng EEZ ng Pilipinas. Ang EEZ ay 200 *nautical miles* (o 370 km) mula sa *coast baseline* o baybay dagat ng isang bansa at hindi sinasaklaw ng karapatan sa tradisyunal na pangisdaan. Sa gayon, may solong karapatan ang Pilipinas na pakinabangan ang mga rekurso rito at iligal ang reklamasyon at konstruksyon ng China ng artipisyal na isla sa Mischief Reef na inokupa nito noong 1995.

Mahalaga rin ang tindig ng PCA na nagpawalang-saysay sa pag-aangkin ng China sa karagatan at teritoryong sakop ng mapang *nine-dash line.* Ayon dito, hindi maaaring umiral ang hurisdiksyon batay sa *nine-dash line* dahil kinonkontra nito ang UNCLOS. Binabalewala at nilalabag ng *nine-dash line* ang mga limitasyon sa teritoryo sa karagatan ng China na itinakda ng pandaigdigang kumbensyon.

Dagdag pa, inapirma ng internasyunal na korte na nilabag ng China ang kumbensyon sa pagtatayo nito ng mga istruktura sa Cuarteron Reef, Fiery Cross Reef, Gaven Reef (North), Johnson Reef, Hughes Reef, at Subi Reef.


Hindi kinilala ng China ang paborableng *arbitral award* ng PCA

sa Pilipinas. Itinuring ng bise-ministro ng China sa relasyong panlabas na "walang bisa" ang desisyon ng PCA dahil pumapabor ito sa Pilipinas at kumokontra sa *nine-dash line*. Sa kabila ng reaksyon ng China, kinilala ng iba't ibang bansa ang pagiging pinal at bumibigkis sa lahat ang desisyon ng PCA alinsunod sa UNCLOS. Subalit mas masahol at pagkakanulo ang ginawang pagtawag ni Duterte sa *arbitral award* bilang "basura" at "walang kwentang papel".

Dapat pahalagahan at ipagtanggol ng bawat patriyotikong Pilipino ang naipanalong *arbitral award* ng Pilipinas sa PCA. Ipinagkaloob nito sa Pilipinas ang solong karapatan na pakinabangan ang lahat ng rekurso sa saklaw ng EEZ ng bansa sa WPS. Ang kabuuang sukat ng EEZ ng Pilipinas na 376,350 kilometro kwadrado ay mas malaki pa sa sukat ng pinagsama-samang kalupaan ng Pilipinas na humigit-kumulang sa 300,000 kilometro kwadrado. Hindi lamang mayaman ito sa samu't saring klase ng isda at yamang-dagat kundi mayaman ito sa depositong mineral, *fossil fuel* at *natural gas* na napakaimportante sa ekonomiya at kaunlaran ng bansa.

Hindi maaaring maliitin ang halaga ng panalo ng Pilipinas sa PCA sa pagsisikap na igiit at itaguyod ang soberanya nito sa harap ng agresyon ng China. Makasaysayan ito hindi lamang para sa Pilipinas kundi para sa lahat ng mga bansang sangkot sa sigalot sa karagatan sa Timog Silangang Asya.

Kung panghahawakan ang desisyon ng PCA, malakas ang laban ng Pilipinas sa internasyunal na korte. Nagbibigay-lakas ito sa boses ng mga bansang nagnanais ng mapayapang resolusyon sa mga di-pagkakasundo sa mga teritoryo sa karagatan at nagdadagdag ng presyur sa China na tigilan ang agresyon. Kung tutuusin, maaari itong gamitin sa pagbawi sa Sandy Cay na iligal na tinayuan ng mga istruktura ng China noong



PERMANENT COURT OF ARBITRATION
Peace Palace, Carnegieplein 2,
2517 KJ The Hague, The Netherlands
Telephone : +31 70 302 4165
Facsimile : +31 70 302 4167
E-mail : bureau@pca-cpa.org
Website : www.pca-cpa.org

COUR PERMANENTE D'ARBITRAGE
Palais de la Paix, Carnegieplein 2,
2517 KJ La Haye, Pays-Bas
Téléphone : +31 70 302 4165
Télécopie : +31 70 302 4167
Courriel : bureau@pca-cpa.org
Site Internet : www.pca-cpa.org

**PRESS RELEASE**

**THE *SOUTH CHINA SEA ARBITRATION***
***(THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES V. THE PEOPLE'S REPUBLIC OF CHINA)***

The Hague, 12 July 2016

**The Tribunal Renders Its Award**

A unanimous Award has been issued today by the Tribunal constituted under Annex VII to the United Nations Convention on the Law of the Sea (the "**Convention**") in the arbitration instituted by the Republic of the Philippines against the People's Republic of China.

2017. Dalawang *nautical miles* lamang ang layo ng Sandy Cay sa Pag-asa Island na tinitirhan ng mga Pilipino at bahagi ng munisipyo ng Kalayaan sa Palawan. Pikit-matang pinahintulutan ng rehimeng Duterte ang pang-aagaw ng China sa Sandy Cay kapalit ng pondo at pautang para sa maanomalyang programang Build, Build, Build.

Kailangang pahalagahan ng gubyerno ng Pilipinas ang panalo sa PCA dahil patunay ito ng determinasyon ng mga Pilipino na ipagtanggol ang patrimonyang yaman at teritoryo ng bansa mula sa dayuhang pandarambong at pang-aagaw. Kapuri-puri ang pagsisikap at dedikasyon ni dating Supreme Court Justice Antonio Carpio na magsaliksik at patunayan ang makasaysayang batayan ng hurisdiksyon at karapatan ng Pilipinas sa karagatan at teritoryo nito sa WPS. Lalong kahanga-hanga ang matatag na pagtindig ng mga tulad niyang patriyotiko sa kabila ng pangungutya at pagbabanta mula sa mga anti-Pilipinong pwersa nagtatago sa saya ni Duterte.

Kaisa ang NDFP-ST sa pakikibaka ng bayan para sa karapatan sa West Philippine Sea at pagtatanggol sa pambansang soberanya at kasarinlan ng bansa. Isinusulong nito ang pagtataguyod sa patakarang panlabas na nakaangkla sa pambansang soberanya at kasarinlan at alinsunod sa limang prinsipyo ng internasyunal na relasyon na nasa Programa Para sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan ng PKP. Ang mga ito ay ang sumusunod:

*a. mutwal na paggalang sa teritoryal na integridad at soberanya;*

*b. mutwal na walang-agresyon;*

*k. walang panghihimasok sa panloob na mga usapin ng isa't isa;*

*d. pagkakapantay at mutwal na suporta; at,*

*e. mapayapang pakikipamuhayan.*

Malaking tulong sa mga Pilipino ang paborableng desisyon ng PCA kaya naman nagpupuyos ang galit ng bayan sa pagtawag dito ni Duterte na basurang papel. Tutang-tuta ang pangulo ng GRP na nakikipagkoro pa mismo sa ministro ng China hinggil sa desisyon ng PCA. Ibinunyag nito ang pagiging huwad at hungkag ng mga makabayang retorika ni Duterte noong nangangampanya pa sa pagkapangulo. Hindi na katanggap-tanggap na tawaging pangulo ng Pilipinas ang isang traydor na nagpapaalipin sa dayuhang kapangyarihan. Ang lantarang kataksilan ni Duterte ay dapat na tugunan ng maalab na kilusang masa para sa agarang pagpapabagsak sa kanyang rehimen. K

***Ipinagkaloob ng arbitral award ng PCA sa Pilipinas ang solong karapatan na pakinabangan ang lahat ng rekurso sa saklaw ng EEZ ng bansa sa WPS.***

# *Community pantry*, tugon ng mamamayan sa kainutilan ng rehimeng Duterte

*"Magbigay ayon sa kakayanan, kumuha batay sa pangangailangan".*

Ito ang nilalaman ng karatulang nakasabit sa unang *community pantry* sa bansa na naghudyat ng pamumukadkad ng bolunterismo at malasakit sa kapwa sa gitna ng kriminal na kapabayaan ng rehimeng Duterte. Ang *community pantry* ay lagakan ng mga donasyong pagkain para sa mga nagugutom na bukas para sa lahat at kadalasang matatagpuan sa mga pampublikong lugar tulad ng mga lansangan.

Nagsimula ang *community pantry* sa inisyatiba ng kabataang negosyanteng si Patricia Non na residente ng Quezon City. Aniya, pagod na siya sa kawalang-aksyon ng gubyerno kaya siya na mismo ang gumawa ng paraan para makatulong na mapakain ang mahihirap. Nagtipon siya ng mga pagkain at isinabit ang kanyang karatula.

Binuksan ni Patricia ang unang community pantry sa Maginhawa Street, Teachers Village, QC noong ikatlong linggo ng Abril. Sa loob ng isang linggo ay dagdag na 350 *community pantry* ang umusbong sa NCR, CALABARZON, Kabisayaan at Mindanao. Sa TK, inulat ang pagkakaroon ng mga *community pantry* sa Cavite, Laguna, Rizal, Quezon at Mindoro.

Nagsunuran sa paglikha ng kanya-kanyang *pantry* ang iba't ibang samahan, mga simbahan, mga personalidad sa telebisyon at pelikula, pati mga pulitiko at mga lokal na ahensya ng gubyerno. Nag-*trend* ang mga *community pantry* sa *social media*. Maraming mamamayan ang pumipila sa mga *pantry* hindi lamang para kumuha ng pagkain kundi upang magbigay din ng kanilang makakaya — maging ang mga maralita ay nagdadala din ng donasyon gaya ng *noodles* o mga tanim nilang gulay.

Pinuri ng mamamayan sa loob at labas ng bansa ang paglaganap at diwa sa likod ng mga *community pantry*. Paliwanag ni Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-ST, "Ang kabiguan ng rehimeng Duterte na ihatid ang mabilis at sapat na tulong at sagipin ang higit na nakararaming mamamayan mula sa masahol na kahirapan ang nagbunsod sa ganitong mga inisyatiba at ng pagkamulat na walang ibang maaaring tumulong at umahon sa masang naghihirap kundi ang sarili nilang pagbubuklod, pagtutulungan at pagdadamayan."




*Mula sa Philippine Daily Inquirer. Kuha ni Nino Jesus Orbeta.*

Tulad ng ulol na asong tahol nang tahol kahit saan mapabaling, agad na inatake ng NTF-ELCAC ang mga *community pantry* at mga organisador nito. Kung anu-anong pambabalahura ang sinabi nina Antonio Parlade at Lorraine Badoy, mga tagapagsalita ng NTF-ELCAC, tulad ng "gawa ni Satanas ang mga *community pantry*" at pang-iintriga na nilulustay ni Patricia ang mga donasyon.

Ni-*red tag* ng NTF-ELCAC si Patricia at ginipit ang mga *pantry.* Sa ilang siyudad sa NCR, kinukuha ng mga pulis ang pangalan ng mga organisador ng *pantry.* Nagpahayag din ang DILG at mga alipures ni Duterte na dapat iparehistro ang mga boluntaryong inisyatiba sa pakunwaring pagpapatupad ng mga *minimum health protocol.*

Nagbunsod ang kahibangang ito ng malawakang pagtatanggol sa mga *community pantry* mula sa mamamayan kabilang ang mga akademiko, mamamahayag, taong-simbahan, at ilang makabayang pulitiko. Nanawagan din ang NDFP-ST na ipagtanggol ang mga *community pantry* laban sa malisyosong paninira at pang-aatake ng AFP-PNP at NTF-ELCAC.

"Para kay Duterte at NTF-ELCAC, masama na ngayon ang pagdamay at pagtulong sa mga nangangailangan. Masama na ngayon ang mga gawaing kawanggawa at pagdadamayan ng mga mahihirap... Sa ginagawang ito ng NTF-ELCAC, AFP at PNP, lalo lamang nilalantad ng gubyernong Duterte ang sarili bilang kaaway ng sambayanang Pilipino," ani de Guia. K

BALITANG TO



# Asset ng AFP-PNP sa Quezon, ginawaran ng rebolusyonaryong hustisya ng AMC-BHB

Ginawaran ng Apolonio Mendoza Command (AMC) - BHB Quezon ng rebolusyonaryong hustisya si Randy Rustia, *asset* ng AFP-PNP, sa Brgy. San Vicente Kanluran sa Catanauan noong Abril 7. Si Rustia ay makailang beses nang nagbigay ng eksaktong impormasyon sa puwesto at komposisyon ng yunit ng NPA na nagresulta sa mga presisong *strike operations* ng sundalo at pulis. Nagdulot ito ng pagkamatay, pagkasugat at pagkaaresto ng nagkakailang Pulang hukbo at kapahamakan ng masa.

Ayon kay Cleo del Mundo, tagapagsalita ng AMC, "Ang hakbang pamamarusa kay Randy Rustia ay parte ng sistemang hudisyal ng demokratikong gubyernong bayan na nakakasaklaw sa lugar. Pinarusahan siya ng Hukbong Bayan sa kautusan ng hukumang bayan kaugnay sa naistablisang krimen niya laban sa mamamayan at kilusan. Dumaan ito sa prosesong hudisyal kung saan napatunayan nang walang pagdududa ang kasalanan at krimen ni Rustia."

Pinasusubalian ng mamamayan at rebolusyonaryong pwersa ng Quezon ang ipinapalaganap na kasinungalingan ng 85th IBPA na isang ordinaryong sibilyan si Rustia. Si Rustia ay armado at aktibong ahente ng sundalo at pulis. Kabo siya ng iligal na *jueteng* na ginagamit niyang paraan upang maisagawa ang misyong ipinapatrabaho sa kanya.

Ani del Mundo, "Nalagasan ng matapat na alagad ang mga sundalo at pulis at nawalan ng masugid na tiktik sa rebolusyonaryong kilusan at sa mamamayan kaya ganun na lamang ang pagmamarakulyo nila sa pagkakapaslang kay Rustia. Laway-na-laway silang makapagbulaan para patuloy na siraan ang rebolusyunaryong kilusan habang humahaba ang listahan ng kanilang pinapaslang na mga inosenteng sibilyan batay sa hinalang may kinalaman sa armadong rebolusyonaryong kilusan." K

KILOS PROTESTA



# Panawagang hustisya para sa mga biktima ng Bloody Sunday, lalong lumalakas

Muling nanawagan ng hustisya ang mga kaanak at mga grupong nagtatanggol sa karapatang-tao noong Abril 7, isang buwan makalipas ang singkronisadong operasyon ng PNP-CALABARZON na tinaguriang 'Bloody Sunday' kung saan pinaslang ang siyam na aktibista at iligal na inaresto ang pitong iba pa.

Naglunsad ng *press conference* ang Justice for Manny Asuncion Network at dinaluhan ito ng may 11 organisasyon ng iba't ibang sektor. Nagpadala naman ang mga magulang ng mag-asawang Chai Lemita Evangelista at Ariel Evangelista ng liham sa Department of Justice at Kongreso upang manawagan ng mga kongkretong aksyon.

Ayon kay Jerry Caristia ng Justice for Manny Asuncion Network, "Isang buwan na, pero hindi pa rin nawawala 'yung sakit sa mamamayan ng Cavite sa pagkawala ni Ka Manny. Naninindigan kaming mga taga-Cavite na ang galit na ito ay dapat magtransporma sa pagkamit ng hustisya."

Ang mga aktibistang pinaslang sa Bloody Sunday ay sina Emmanuel Asuncion ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN-Cavite); mag-asawang Evangelista ng Ugnayan ng Mamamayan Laban sa Pagwawasak ng Kalikasan at Kalupaan (UMALPAS KA); Michael Dasigao, Mark Lee Bacasno, at Abner at Edward Mendoza ng San Isidro Kasiglahan, Kapatiran at Damayan para sa Kabuhayan, Katarungan at Kapayapaan (SIKKAD-K3); at dalawang Dumagat na sina Puroy dela Cruz at Randy "Pulong" dela Cruz.

Umani ang rehimeng Duterte ng malawakang pagbatikos maging sa internasyunal na komunidad bunsod ng Bloody Sunday. Ayon sa Human Rights Watch, ang Bloody Sunday ay bahagi ng brutal na kontra-insurhensyang kampanya ng gubyernong Duterte na hindi pinag-iiba ang mga armadong rebelde at mga aktibista, lider-manggagawa at tagapagtanggol ng karapatang tao. Nagbabala naman ang United Nations na talamak ang *red-tagging* na humahantong sa karahasan sa mga aktibista sa Timog Silangang Asya.

Samantala, pinaiikot-ikot ng PNP-CALABARZON ang mga kaanak ng mga biktima ng Bloody Sunday sa kung saang opisina sa rehiyon isasampa ang kasong *grave irregularity in the performance of duty* laban sa mga sangkot na pulis.

Ayon kay Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-ST, "Hahabulin ng rebolusyonaryong kilusan at papanagutin ang AFP-PNP na may kinalaman at sangkot sa mga pagpaslang at malalalang paglabag sa karapatang tao ng mamamayan sa rehiyon. Hindi nito pahihintulutan na makawala sa pananagutan ang mga may utang na dugo sa bayan." K

# Si Alex, isang HR *worker* sa gitna ng pasismo ng rehimeng Duterte



*ni Ka Cris*

Noong nakilala ko si Alexandrea "Alex" Pacalda, hindi ko akalaing sa likod ng maganda, maamo at maaliwalas na mukha ay may isang matapang at determinadong babaeng handang lumaban at suungin ang anumang panganib na kakaharapin sa buhay at pakikibaka. Lalo't hindi simpleng panganib ang kanyang hinaharap — siya ang nakikipagtagisan sa mga pasistang sundalo para sa paglaban at pagtatanggol sa karapatang tao ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng tiraniko at pasistang rehimeng Duterte.

Taong 2012, nakita ko siya sa mga pagkilos sa Lucena City kung saan nasa unahan siya ng mga rali. Isa pa lamang siyang estudyante na namulat sa kalagayan ng mga kabataan. Mag-aaral siya at manunulat ng pahayagang The Luzonian sa Manuel S. Enverga University Foundation sa Lucena City. 'Di nagtagal, nagkasama na kami sa mga komunidad ng mga magsasaka sa mga bayan sa ikatlo at ikaapat na distrito ng Quezon. May dalang papel at bolpen, itinatala ang mga hinaing ng mga magniniyog. Matamang na nakikinig sa kanilang mga kwento.

Akala ko hindi ko na siya makikita ulit pagkatapos niyang grumadweyt sa kursong Mass Communication. Pero pinili niyang maging boluntir sa iba't ibang maiinit na kampanya sa probinsya — bakwet, *coco levy funds*, demolisyon sa komunidad ng maralita, Manilakbayan, APEC at iba pa. Naging bahagi rin siya ng pagtatayo ng Anak Quezon, isang malawak na alyansa sa probinsya na nagsusulong ng iba't ibang isyung sektoral.

Nang tumagal, nakasama ko na siya sa gawaing HR (*human rights* o tagapagtanggol ng karapatang tao). Noong 2015, pumunta kami sa Atimonan para kausapin ang mga biktima ng *human rights violations* ng AFP. Kita ko ang galit sa kanyang mga mata habang ikinukwento ng mga biktima ang kalupitan at karahasan ng mga sundalo — sinunog ang kanilang mga bahay, pinatay ang mga alagang hayop, at iba pa. Matapos noon, pinili niya nang buong panahong gumampan sa gawaing HR. Inspirado siya sa mga HR worker na kababaihan lalo na kay Ka Eden Marcellana, ang magiting na HR *worker* na humarap sa berdugong si Palparan at Oplan Habol Tamaraw sa Mindoro at sa buong rehiyon ng TK sa panahon ng rehimeng US-Arroyo.

Binuo namin ang Tanggol Quezon, isang malapad na alyansa para ipagtanggol ang karapatan ng mga taga-Quezon. Kasama ko si Alex patungo sa mga militarisadong komunidad para magsaliksik sa kalagayan ng mamamayan. Nakikipag-giitan siya sa mga sundalo para papasukin kami sa mga apektadong lugar.

Tuwang-tuwa siya noong magbukas ang *peace talks*. Isa siya sa mga nanguna sa kampanya sa *peace talks* at nanawagan para palayain ang mga bilanggong pulitikal.

Naibabahagi sa akin ni Alex na hindi madali ang kanyang piniling landas. Nahirapan siya noong una dahil may sakit ang kanyang nanay at gusto niyang makatulong sa pagpapagamot. Subalit pinili pa rin niyang gumampan ng tungkulin sa bayan at nagsikhay na ipaliwanag ito sa kanyang pamilya.

Ang kanyang taglay na mapagkawanggawang puso at serbisyo sa masa ang dahilan kung bakit naging target ng estado si Alex. Setyembre 14, 2019 nang dakpin siya ng mga sundalo habang nakikipagkonsultahan sa mga magsasaka sa Brgy. Magsaysay, General Luna. Lagpas 24 oras siyang hindi pinatulog at pinakain habang paulit-ulit na ininteroga at sinasaywar. Maging ang kanyang ama ay hindi niya na nakilala nang hanapin at habulin siya ng kanyang pamilya. Binantaan pa siya at ang kanyang pamilya na papaslangin kung hindi siya susuko bilang NPA.

Sa kabila nito, lakas-loob niyang sinagot ang mga sundalo na kasuhan na lamang siya imbes na sumuko. Matapang niyang isinapubliko ang ginawang pandarahas at inilantad ang sapilitang pagpapasuko sa kanya. Sa bidyo kay Alex habang hawak ng mga sundalo sinabi niyang, "Hindi ako sumuko, hindi ako susuko, at wala akong dahilang sumuko."

Bunsod nito, nagpakana ang militar na busalan si Alex. Hanggang sa kasalukuyan, nakabilanggo pa rin siya sa Quezon Provincial Jail.

Sa gitna ng teroristang pandarahas sa mga tagapagtanggol ng karapatang tao sa buong bansa, nagpapatuloy ang panawagan ng mamamayan ng Quezon na palayain si Alex. Binusalan man at ikinulong si Alex, nag-aalab ang kanyang diwa at paglaban para sa karapatan ng mamamayang Pilipino na matamasa ang masaganang lipunan, na may hustisya at pagkakapantay-pantay. Marami kaming kakampi ni Alex na nananawagan sa kanyang agarang paglaya at nagpapatuloy ng kanyang mga ipinaglalaban.

Palayain si Alex Pacalda!

Palayain ang lahat ng mga bilanggong pulitikal! K